# 3

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Lingguhang Aralin sa Filipino

sa Filipino

Kuwarter 2
Linggo
2

VERSION 1 FOR REFERENCE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Lingguhang Aralin sa Filipino 3**
**Kuwarter 2: Linggo 2**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development and RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project at UNICEF sa pagsuporta at pagbibigay ng teknikal na tulong sa pagbuo ng MATATAG learning resources.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sonny M. Angara
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Development Team**

**Management Team**

Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources

VERSION 1 FOR REFERENCE

| MATATAG Kto10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 3 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | Filipino |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Kuwarter: | 2 |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagbigkas at pag-aaral ng mga tunog at salita tungo sa papaunlad na kasanayang panggramatika, pag-unawa at pagsusuri ng tekstong naratibo at impormatibo na magiging daan sa pagbuo ng mga tambalang pangungusap at teksto tungkol sa sarili at bansa na ginagamit sa pang-araw-araw na paksa at sitwasyon. | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa pagbigkas ng mga salita, pagbasa ng mga pangungusap nang may kawastuhan, katatasan at tamang ekspresyon tungkol sa sarili at bansa na ginagamit sa pang-araw-araw na paksa at sitwasyon. Nagiging daan din ito sa pagbuo ng tekstong naratibo at impormatibo sa pagpapahayag ng ideya at karanasan gamit ang mga natutuhan sa gramatika. | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Natutukoy nang wasto ang mga salitang madalas gamitin o high frequency words<br><br>Nagagamit ang mga salita na high frequency tungkol sa<br>a. sarili at bansa<br><br>Nauunawaan ang pinakinggan o binasang | Nagagamit ang mga salita na high frequency tungkol sa<br>a. sarili at bansa<br><br>Natutukoy ang kahulugan ng mga salita ayon sa konteksto<br>e. salitang pangkayarian<br>● pangatnig | Natutukoy nang wasto ang mga salitang madalas gamitin o high frequency words<br><br>Nagagamit ang mga salita na high frequency tungkol sa<br>a. sarili at bansa<br><br>Nauunawaan ang pinakinggan o binasang | Nagagamit ang mga salita na high frequency tungkol sa<br>a. sarili at bansa<br><br>Natutukoy ang kahulugan ng mga salita ayon sa konteksto<br>e. salitang pangkayarian<br>● pangatnig |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | tekstong naratibo (kuwentong pambata, **kuwentong-bayan**, pabula, alamat, at parabula mula sa Banal na Aklat)<br><br>a. Naibibigay ang elemento ng teksto<br><br>b. Natutukoy ang damdamin ng tauhan sa mga pangyayari<br><br>**c. Nakikilala ang katangian ng tauhan**<br><br>d. Naisasaayos ang pagkasusunod-sunod ng limang pangyayari<br><br>Nagagamit ang mga **salita na high frequency** at mga salitang may tiyak na tuong pangnilalaman (GMRC at MAKABANSA) sa pagbuo ng maikling talata<br><br>Nababasa nang may tatas (may damdamin at tamang bilis) ang mga pangungusap | Natutukoy ang sugnay na nakapag-iisa sa tambalang pangungusap (Natutukoy ang tambalang pangungusap)<br><br>Nababasa nang wasto ang mga natutuhang salita<br><br>Naisusulat nang maayos at wasto ang mga natutuhang salita<br><br>Nakabubuo ng maikling talata gamit ang tambalang pangungusap na naglalarawan ng karanasan tungkol sa:<br><br>a. sarili at bansa | tekstong naratibo (kuwentong pambata, **kuwentong-bayan**, pabula, alamat, at parabula mula sa Banal na Aklat)<br><br>a. Naibibigay ang elemento ng teksto<br><br>b. Natutukoy ang damdamin ng tauhan sa mga pangyayari<br><br>c. Nakikilala ang katangian ng tauhan<br><br>**d. Naibibigay ang suliranin at solusyon**<br><br>e. Naisasaayos ang pagkasusunod-sunod ng limang pangyayari<br><br>Nagagamit ang mga salita na **high frequency** at mga salitang may tiyak na tuong pangnilalaman (GMRC at MAKABANSA) sa pagbuo ng maikling talata<br><br>Nakabubuo ng maikling talata sa pagpapahayag | Natutukoy ang sugnay na nakapag-iisa sa tambalang pangungusap (Natutukoy ang sugnay na di-nakapag-iisa sa tambalang pangungusap)<br><br>Nababasa nang wasto ang mga natutuhang salita<br><br>Naisusulat nang maayos at wasto ang mga natutuhang salita<br><br>Nakabubuo ng maikling talata gamit ang tambalang pangungusap na naglalarawan ng karanasan tungkol sa:<br><br>a. sarili at bansa |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | ng reaksiyon sa mga suliranin sa teksto<br><br>Nababasa nang may tatas (may damdamin at tamang bilis) ang mga pangungusap | |
| *D. Mga Layunin* | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br><br>1. Natutukoy nang wasto ang mga salitang madalas gamitin o high frequency words<br>2. Nagagamit ang mga salita na high frequency tungkol sa sarili at bansa<br>3. Nauunawaan ang pinakinggan o binasang kuwentong-bayan<br>4. Nakikilala ang katangian ng tauhan<br>5. Nagagamit ang mga salita na high frequency at mga | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br><br>1. Nagagamit ang mga salita na high frequency tungkol sa sarili at bansa<br>2. Natutukoy ang kahulugan ng mga salita ayon sa konteksto (pangatnig)<br>3. Natutukoy ang sugnay na nakapag-iisa sa tambalang pangungusap<br>4. Nababasa nang wasto ang mga natutuhang salita<br>5. Naisusulat nang maayos at wasto | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br><br>1. Natutukoy nang wasto ang mga salitang madalas gamitin o high frequency words<br>2. Nagagamit ang mga salita na high frequency tungkol sa sarili at bansa<br>3. Nauunawaan ang pinakinggan o binasang **kuwentong-bayan**<br>4. **Naibibigay ang suliranin at solusyon**<br>5. Nagagamit ang mga salita na **high frequency** at mga | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br><br>1. Nagagamit ang mga salita na high frequency tungkol sa sarili at bansa<br>2. Natutukoy ang kahulugan ng mga salita ayon sa konteksto<br>(pangatnig)<br>3. Natutukoy ang sugnay na nakapag-iisa sa tambalang pangungusap<br>4. Nababasa nang wasto ang mga natutuhang salita |

VERSION 1 FOR REFERENCE

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | salitang may tiyak na tuong pangnilalaman (GMRC at MAKABANSA) sa pagbuo ng maikling talata<br>6. Nababasa nang may tatas ang mga pangungusap | ang mga natutuhang salita<br>6. Nakabubuo ng maikling talata gamit ang tambalang pangungusap na naglalarawan ng karanasan tungkol sa sarili at bansa | salitang may tiyak na tuong pangnilalaman (GMRC at MAKABANSA) sa pagbuo ng maikling talata<br>6. Nakabubuo ng maikling talata sa pagpapahayag ng reaksiyon sa mga suliranin sa teksto<br>7. Nababasa nang may tatas ang mga pangungusap | 5. Naisusulat nang maayos at wasto ang mga natutuhang salita<br>6. Nakabubuo ng maikling talata gamit ang tambalang pangungusap na naglalarawan ng karanasan tungkol sa sarili at bansa |
| *E. Integrasyon* | GMRC at MAKABANSA | | GMRC at MAKABANSA | |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | • Kuwentong Bayan<br>• High Frequency Words (Sarili at Bansa)<br>• Pagsulat ng Talata<br>• Paglalarawan ng Tauhan | • Pangatnig<br>• Tambalang Pangungusap<br>• Sugnay na Nakapag-iisa<br>• High Frequency Words (Sarili at Bansa)<br>• Pagsulat ng Talata | • Kuwentong Bayan<br>• Suliranin at Solusyon<br>• High Frequency Words (Sarili at Bansa)<br>• Pagsulat ng Talata<br>• | • Pangatnig<br>• Tambalang Pangungusap<br>• Sugnay na Nakapag-iisa<br>• High Frequency Words (Sarili at Bansa)<br>• Pagsulat ng Talata |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | Kuwentong Bayan: Si Malakas at Maganda https://arete.ateneo.edu/ | Karapatan ng mga Batang Pilipino | Kuwentong Bayan: Si Malakas at Maganda https://arete.ateneo.edu/ | https://www.viator.com/en-PH/Manila-attractions/National-Museum-of-the-P |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | assets/site/02-Ang-Pinagmulan-ng-Daigdig-Si-Malakas-at-Si-Maganda-Full-Text.pdf | https://ph.theasianparent.com/karapatan-ng-mga-bata<br><br>https://www.studocu.com/ph/document/holy-cross-college-pampanga/education/ap4-q4-week2-23p-apan-4/43334521 | assets/site/02-Ang-Pinagmulan-ng-Daigdig-Si-Malakas-at-Si-Maganda-Full-Text.pdf | hilippines/overview/d4674-a8019<br><br>Asas, C. (2024).Isang Masayang Lakbay Aral |
| *B. Iba pang Kagamitan* | word strips ng talasalitaan, character profile chart, picture cards ng mga kilalang Pilipino, at mga miyembro ng sinaunang mga pangkat | word strips ng talasalitaan at tsart ng mga karapatan at tungkulin ng mga batang Pilipino | kopya ng lyrics ng awit na Ako'y Pinoy, at mga graphic organizers: story map, sequencing chart, at character profiles | brainstorming webat picture cards at word strips ng talasalitaan at panimulang gawain |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | Gawain: Kilalanin Natin!<br><br>Magpakita ng mga larawang mga sikat o kilalang Pilipino mula sa iba't-ibang mga larangan.<br><br>Hayaan ang mga mag-aaral na pangalanan ang mga ito. | Magbigay ng maikling review ukol sa mga konsepto at salitang tinalakay sa klase kahapon. Hayaan ang mga mag-aaral na ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod na salita.<br><br>1. mamamayan-<br>2. lokal o katutubo- | Ipakanta sa mga bata ang sumusunod na awit.<br><br>"Ako'y Pinoy"<br><br>Ako'y isang Pinoy sa puso't diwa<br><br>Pinoy na isinilang sa ating bansa<br><br>Ako'y hindi sanay sa wikang mga banyaga | Ipakita ang mga sumusunod na larawan. Ipatukoy sa mga bata kung anu-ano ang mga ito. Hayaan silang ilarawan ang mga lugar.<br><br>(Mga larawan: National Museum, Mind Museum, at Gardenia Factory) |

VERSION 1 FOR REFERENCE

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | 3. naturalisado-<br>4. kuwentong bayan-<br>5. datu-alipin- | Ako'y Pinoy na mayroong sariling wika<br><br>Wikang pambansa ang gamit kong salita<br>Bayan kong sinilangan<br>Hangad kong lagi ang kalayaan<br><br>Si Gat Jose Rizal nuo'y nagwika<br>Siya ay nagpangaral sa ating bansa<br>Ang hindi raw magmahal sa sariling wika<br>Ay higit pa ang amoy sa mabahong isda<br><br>Wikang pambansa ang gamit kong salita<br>Bayan kong sinilangan<br>Hangad kong lagi ang kalayaan<br><br>Ako'y isang Pinoy sa puso't diwa | <br><br><br>Ipaliwanag na ang mga ito ay museo at pabrika. |

VERSION 1 FOR REFERENCE

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Pinoy na isinilang sa ating bansa<br><br>Ako'y hindi sanay sa wikang mga banyaga<br><br>Ako'y Pinoy na mayroong sariling wika | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin*<br><br>*ng Aralin* | Sabihin sa mga mag-aaral<br><br>na sa araw na ito sila ay<br><br>matuto ng mga aralin ukol sa mga kuwentong bayan, pagkikilala ng mga katangian ng tauhan sa kuwento, at pagtukoy at pagbabasa ng mga high frequency words ukol sa sarili at bansa. | Sabihin sa mga mag-aaral<br><br>na sa araw na ito sila ay<br><br>matuto ng mga aralin ukol sa pangatnig, sugnay na nakapag-iisa sa tambalang pangungusap, pagsulat ng talata at pagtukoy at pagbabasa ng mga high frequency words ukol sa sarili at bansa. | Sabihin sa mga mag-aaral<br><br>na sa araw na ito sila ay<br><br>matuto ng mga aralin ukol sa kuwentong bayan, pagtukoy ng suliranin sa teksto, pagsulat ng talata at pagtukoy at pagbabasa ng mga high frequency words ukol sa sarili at bansa. | Sabihin sa mga mag-aaral<br><br>na sa araw na ito sila ay<br><br>matuto ng mga aralin ukol sa pangatnig, sugnay na nakapag-iisa sa tambalang pangungusap, pagsulat ng talata at pagtukoy at pagbabasa ng mga high frequency words ukol sa sarili at bansa. |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto*<br><br>*sa Aralin* | Balikan muli ang mga larawang ipinakita sa klase.<br><br>Talakayin ang mga sumusunod:<br><br>1. Ilarawan ang mga kilalang Pilipino.<br><br>Magbigay ng mga salitang panlarawan sa bawat isa.<br><br>Halimbawa: | Pag-usapan ang mga salitang karapatan at tungkulin.<br><br>Bawat mamamayang Pilipino ay may **karapatan**.<br><br>Ito ay mga pribilehiyo, gawain, o bagay na ibinibigay sa mga | Talakayin ang mga sumusunod na tanong:<br><br>1. Ayon sa awit, sino ang itinuturing na mga Pilipino o Pinoy?<br><br>2. Anu- ano ang katangian ng isang mamamayang Pilipino?<br><br>3. Batay sa awit, anu-ano ang dapat | Sabihn:<br><br>Nakasama na ba kayo sa isang field trip o lakbay aral?<br><br>Saan kayo nagpunta?<br><br>Anong nakita ninyo?<br><br>Note/ habilin sa guro: Kung ang mga mag-aaral ay hindi pa nakasama sa isang field trip, maaring |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Manny Pacquiao-malakas<br>2. Sino sa kanila ang iyong hinahangaan? Magbigay ng dahilan.<br><br>Tumawag ng 3-4 na mag-aaral upang magbahagi ng kanilang sagot. | mamamayan ng isang bansa.<br><br>Kaakibat ng mga karapatan ay mga **tungkulin.** Ito ay mga gawain o kilos na dapat o inaasahan nating gawin na kaakibat ng ating karapatan.<br><br>Sa iyong palagay, anu-ano ang mga karapatan ng mga mamamayang Pilipino?<br><br>Anu- ano naman ang ating mga tungkulin?<br><br>Tumawag ng 3-4 na mag-aaral upang magbahagi ng kanilang sagot. | pinapahalagahan ng mga Pilipino?<br>4. Sa inyong palagay, ano ang dapat natin nararamdaman sa ating pagka-Pilipino? Paano ninyo ito nasabi?<br><br>Tumawag ng 3-4 na mag-aaral upang magbahagi ng kanilang sagot. | magbanggit na lamang ng mga educational activities na kanilang nagawa sa loob man o labas ng paaralan.<br><br>Ipaliwanag sa mga bata na ang isang field trip ay tumutukoy sa isang paglalakbay ng mga mag-aaral sa labas ng paaralan upang magmasid at pag-aralan ang mga bagay-bagay tulad ng isang museo o planetarium.<br><br>Tumawag ng 3-4 na mag-aaral upang magbahagi ng kanilang sagot. |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa/ Pag-unawa sa Mahahalagang Ideya* | Bago magbasa, talakayin ang kahulugan ng mga sumusunod na salita sa pamamagitan ng pagpapakita ng pagtalakay | Magbigay ng ilang halimbawa ng karapatan ng mga bata. Magpakita ng mga larawan | Magsagawa ng choral reading ng kuwentong bayan na si Malakas at Maganda. | Talakayin ang kahulugan ng mga salita gamit ang mga larawan.<br>• museo |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ng kanilang salitang kasingkahulugan.<br><br>Ipaliwanag ang kahulugan ng bawat salita. Maaring gamitin ang mga ito sa pangungusap.<br><br>walang humpay - walang tigil<br><br>nayanig - nanginig<br><br>manahan - tumira/ manirahan<br><br>gambalain - guluhin<br><br>nagluwal - nanganak<br><br>supling - anak<br><br>nasindak - nagulat<br><br>batugan - tamad<br><br>Sabihin:<br><br>Noong panahon bago dumating ang mga mananakop (Kastila) sa Pilipinas, tayo ay may iba't- ibang uri ng mga antas sa lipunan o pangkat ng mga tao. | 1. Karapatang mabuhay at maging malusog<br>2. Karapatang makapag-aral<br>3. Karapatang alagaan at mahalin ng magulang<br>4. Karapatang magpahinga at maglaro<br>5. Karapatang magkaroon ng pangalan at nasyonalidad (pagkamamamayan)<br><br>Note/habilin sa artist:<br><br>Gumuhit ng mga larawan ng iba't-ibang karapatan ng mga bata.<br><br>Ipaliwanag ang ibig sabihin ng bawat karapatan. Itanong sa mga mag-aaral kung ano sa tingin nila ang kaukulang tungkulin sa mga karapatang ito. Gumamit ng tsart at ilagay rito ang | Hatiin ang klase sa anim (6) na pangkat. Magtalaga ng isang talatang babasahin para sa bawat pangkat.<br><br>Bigyang diin na ang kuwentong bayan ay nagpapakita ng mga paniniwala ng mga sinaunang Pilipino at nagpapakita ng ating kasaysayan bago pa man dumating ang mga mananakop sa bansa.<br><br>Pagkatapos magbasa, talakayin ang mga sumusunod na tanong:<br><br>1. Anu- ano ang suliranin na kinakaharap ng mga pangunahing tauhan?<br><br>Ipaliwanag na ang suliranin ay tungkol sa mga mahirap na sitwasyon o problema na nararanasan ng tauhan sa kuwento. | • artifact<br>• alagad ng sining (pintor)<br>• replika<br><br>Ipabasa ang sumusunod na talata sa mga mag-aaral.<br><br>**Isang Masayang Lakbay Aral**<br><br>Ang mga mag-aaral ng ikatlong baitang ng mababang paaralan ng Pasong Tamo ay nagkaroon ng isang lakbay aral. Silay ay pumunta sa National Museum. Layunin nito na ipakita sa mga mag-aaral ang mayamang kultura at makulay na kasaysayan ng Pilipinas. Ang mga gusali sa loob nito na kanilang pinuntahan ay ang Fine Arts, Anthropology, at Natural History. Iba't-iba ang mga exhibits sa bawat gusali |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Magpakita ng larawan ng mga sumusunod:<br><br>● Datu<br>● Alipin<br>● Malalaya<br>● Maiitim<br>● Mapuputi<br><br>Ipaliwanag ang mga ito sa mga mag-aaral.<br><br>Sabihin sa mga mag-aaral na sila ay makikinig sa isang kuwentong bayan.<br><br>Ipaliwanag na ang kuwentong bayan ay isang uri ng panitikan o teksto ukol sa mga kaugalian at kasaysayan ng isang lugar. Ito ay pinapasapasa sa bawat henerasyon sa pamamagitan ng pagkukuwento. Ang Pilipinas ay mayroong sarili nitong mga kuwentong bayan. Ang mga ito ay nagpapakita ng</td>
<td>mga sagot ng mga mag-aaral.<br><br>Halimbawa:<br><br><table><tr><th>Karapatan</th><th>Tungkulin</th></tr><tr><td>Karapatan makapag-aral</td><td>Mag-aral nang mabuti at sumunod sa mga patakaran sa paaralan.</td></tr><tr><td>Karapatang alagaan at mahalin ng magulang</td><td>Igalang ang mga magulang at sundin ang kanilang mga utos/ habilin. Gumamit ng “po” at “opo” sa pakikipag-usap sa kanila.</td></tr></table></td>
<td>Mga posibleng sagot:<br><br>● ano ang gagawin sa unang tao at babae<br>● nawalan ng kapayapaan sina Malakas at Maganda<br><br>2. Anu- ano ang mga naging solusyon sa mga suliranin ng mga pangunahing tauhan?<br><br>Ipaliwanag na ang solusyon ay mga hakbang o proseso na ginawa ng mga tauhan upang malutas o mabigyang sagot/ solusyon ang mga suliranin na kanilang kinahaharap.<br><br>Mga posibleng sagot:<br><br>● pinag-isang dibdib/ pinakasal sina Malakas at Maganda<br><br>pumunta sa iba’t-ibang lugar ang mga anak nina Malakas at Maganda; sila ay bumuo ng sarili nilang pangkat/ lahi</td>
<td>ngunit lahat naman ay mahalaga na suriin at makita ng mga mag-aaral. Sa loob ng National Museum of Anthropology, makikita ang iba’t- ibang mga artifacts. Ito ang mga ginawang produkto at gamit ng mga sinaunang Pilipino. Ilan sa mga halimbawa nito ay mga sandata at banga. Sa National Museum of Fine Arts naman mamalas ang kamangha-mangha at kilalang likhang sining o peynting na tinatawag na Spolarium. Ito ay ipininta ni Juan Luna. Si Juan Luna ay isang alagad ng sining at isa rin siyang pambansang bayani. Sa Natural Museum of History naman makikita ang eskultura na Tree of Life at isang replika ni Lolong, ang pinakamalaking buwaya na nahuli sa bansa. Tunay nga na isang magandang karanasan ang kanilang lakbay aral sa National Museum!</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ating mga kultura, tradisyon, at mga kaugalian.<br><br>IIsa sa mga ito ay ang kuwento nina Malakas at Maganda. | | | Habilin/Note to artist: Kung maari ay gumamit ng aktwal ng mga larawan para sa talata at paghahawan ng balakid.<br><br>Talakayin ang mga sumusunod na tanong pagkatapos magbasa:<br>1. Anu-ano ang mga gusali sa National Museum?<br>2. Bakit pumunta ang mga mag-aaral dito?<br>3. Sa iyong palagay, mahalaga ba na matutunan ang kasaysayan at kultura ng ating bansa? Bakit/ bakit hindi?<br>4. Alin sa mga gusali sa National Museum ang nais mo mapuntahan? Ipaliwanag ang iyong sagot. |

VERSION 1 FOR REFERENCE

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Ideya* | Sabihin:<br><br>Alamin natin kung sino ang mga tinutukoy na mga unang tao batay sa ating sariling kuwento na nagbigay daan sa iba't-ibang uri ng mga tao sa ating lipunan noon. (Motive Question)<br><br>Magsagawa ng read aloud.<br><br>Talakayin ang mga sumusunod na tanong pagkatapos magbasa:<br><br>1. Sinu-sino ang itinuturing na unang mga tao?<br>2. Paano sila nabuo o nabigyang buhay?<br>3. Ano ang iyong mapapansin sa mga tauhan sa kuwento (maliban sa mga tao)?<br><br>Note/ habilin sa guro: Bigyang- diin na ang kalikasan (at mga elemento nito tulad ng hangin at lindol) ay may malaking ambag sa mga | Ipabasa ang mga sumusunod na pangungusap sa mga mag-aaral.<br><br>1. Si Kian ay ipinanganak sa Pilipinas noong 2004 **<u>at</u>** ang kanyang mga magulang ay parehong Pilipino.<br>2. Bawat batang Pilipino ay may karapatan na mag-aral **<u>ngunit</u>** ang ibang bata ay napipilitang huminto sa pag-aaral.<br>3. Tayo ay maaring isang mamamayan na naturalisadong Pilipino **<u>o</u>** tayo ay maaring isang mamamayang Pilipinong ipinanganak sa bansa. | Muling balikan ang mga suliranin at mga kaukulang solusyon na tinalakay sa kuwento.<br><br>Talakayin ang mga sumusunod na tanong:<br><br>1. Sang-ayon ka ba sa mga naisip na solusyon sa mga suliranin sa kuwento? Bakit/ bakit hindi?<br>2. Epektibo o nararapat ba ang naging solusyon ng mga pangunahing tauhan sa mga suliranin sa kuwento? Ipaliwanag ang iyong sagot.<br>3. Kung ikaw ang magbibigay ng solusyon sa mga ito, anu-ano ang iyong gagawin?<br><br>Magpagawa ng isang independent writing task sa mga mag-aaral na | Basahin ang mga sumusunod na pangungusap mula sa talata:<br><br>1. Si Juan Luna ay isang alagad ng sining **at** isa rin siyang pambansang bayani.<br>2. Iba't-iba ang mga exhibits sa bawat gusali **ngunit** lahat naman ay mahalaga na suriin at makita ng mga mag-aaral.<br><br>Talakayin ang mga sumusunod na tanong pagkatapos.<br><br>1. Anong uri ng pangungusap ang mga ito?<br>2. Anu- ano ang mga sugnay na nakapag-iisa na bumubuo rito? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | paniniwala at pamumuhay ng mga sinaunang Pilipino.<br><br>4. Ano ang naging bunga ng pag-alis at pagkalat sa iba't-ibang lugar ng mga supling nina Malakas at Maganda?<br>5. Paano naiiba ang kuwentong bayan na ito sa iba pang kuwento na nagpapaliwanag ng paglikha ng mundo?<br><br>Note/ Habilin sa artist:<br><br>Gumuhit ng 5- 8 larawan na nagpapakita ng mga pangyayari sa kuwento.<br><br>Talakayin na sa kasalukuyang panahon, tayo rin ay mga uri ng mamamayan. Tulad noon, tayo rin ay may mga pinuno gaya ng mga Datu. | Talakayin ang mga sumusunod na tanong:<br><br>1. Anu-ano ang inyong mga napapansin sa mga pangungusap at mga bahagi nito?<br>2. Sa iyong palagay, ilang kaisipan o ideya ang ipinapahayag ng bawat pangungusap?<br><br>Ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang mga pangungusap na kanilang binasa ay tambalan. Ibig sabihin ang mga ito ay binubuo ng dalawang payak na pangungusap. Bawat isa ay tinatawag ring sugnay na nakapag-iisa. Ito ay nangangahulugang may buo silang diwa o kaisipan na ipinapahayag.<br><br>Sabihin:<br><br>Ang mga tambalang pangungusap ay nagpapahayag ng | tumatalakay sa kanilang reaksyon sa mga hakbang at desisyon ng mga pangunahing tauhan. Maaring gamitin ang mga tanong na tinalakay sa klase bilang gabay sa pagsulat ng talata. | Magbigay ng maikling review ukol sa sugnay na nakapag-iisa.<br><br>3. Ano ang pangatnig na ginamit sa mga tambalang pangungusap?<br>4. Ano ang ideya na pinagdudugtong o pinag-uugnay ng pangatnig na "at"/ "ngunit"?<br>5. Maliban sa "at" at "ngunit", ano pang pangatnig ang maaring gamitin?<br>6. Ano ang ideya na pinagdudugtong o pinag-uugnay ng pangatnig na "o"? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Ngunit sa kasalukuyan, iba na ang mga pagpapangkat ng mga mamamayan. Mayroon na tayong mga naturalisadong mamamayan at mga katutubo o likas na mamamayan. Ipaliwanag ang pagkakaiba ng dalawa. Ipatukoy sa mga bata anong uri sila ng mga mamamayan.<br><br>Sabihin:<br><br>Sino ngang muli ang mga pangunahing tauhan sa ating kuwento?<br><br>Tama!<br><br>Atin silang ilarawan.<br><br>Sa paglalarawan ng isang tauhan, tayo ay nagbibigay impormasyon ukol sa mga sumusunod:<br>1. Pisikal na Anyo<br>2. Personalidad, Pag-uugali o mga Katangian | dalawang ideya na pinagsama ng mga pangatnig na at, o, at ngunit.<br><br>Ang mga pangatnig ay mga salitang ginagamit upang pag-ugnayin o dugtungin ang mga ideya sa isang tambalang pangungusap.<br><br>Ginagamit ang "at" upang magdagdag ng impormasyon o kaparehong detalye. Ginagamit ang "ngunit" upang magpahayag ng taliwas na ideya. Ang "O' ay ginagamit upang magbigay ng pagpipilian o upang magbukod ng ideya. | | |


VERSION 1 FOR REFERENCE

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
3. Kakayahan at Kahinaan<br>
4. Mga Detalye ukol sa kanilang Pagkatao (tulad ng pangalan, edad at iba pa)<br><br>
Nalalaman natin ang angkop na paglalarawan sa isang tauhan sa pagsusuri ng mga sumusunod sa kuwento:<br>
1. Kanilang mga sinabi<br>
2. Kanilang kilos<br>
3. Kanilang mga iniisip<br>
4. Kanilang pakikitungo sa iba pang mga tauhan<br>
5. Direktang paglalarawanmula sa kuwento<br><br>
Subukin natin ilarawan si Maganda.<br><br>
<table><tr><td>Pangalan</td><td></td></tr></table>
</td>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
</table>

VERSION 1 FOR REFERENCE

<table>
<tr><td></td><td><table><tr><td>Pisikal na Anyo</td><td></td></tr><tr><td>Personalidad / Pag-uugali/ Katangian</td><td></td></tr><tr><td>Kakayahan at Kahinaan</td><td></td></tr><tr><td>Iba pang detalye</td><td></td></tr></table><br>Hikayatin ang mga mag-aaral na balikan ang kuwento at humanap ng mga patunay. Gamitin ang parehong tsart sa paglalarawan kay Malakas.</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Ideya</td><td>Ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang isang talata ay isang grupo ng mga pangungusap na may isang paksang pinag-uusapan. Ito ay nagpapahayag ng isang kaisipan o main idea ukol sa napiling paksa.</td><td>Balikan ang listahan ng mga karapatan at tungkulin na ginawa sa klase.<br><br>Magbigay ng isang independent writing task. Ipatukoy sa mga mag-aaral ang karapatang</td><td>Hatiin ang klase sa 3 pangkat. Bigyan sila ng mga gawain.<br><br>Pangkat 1: Story Map<br><br>Sabihin sa mga mag-aaral na tukuyin ang mga elemento o bahagi ng</td><td>Hatiin ang mga mag-aaral sa 4- 5 pangkat.<br><br>Magsagawa ng group writing task ngunit bago ito, bigyan ang mga mag-aaral ng isang pre-writing task.</td></tr>
</table>

VERSION 1 FOR REFERENCE

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Ito ay mayroon ding mga bahagi. Una ay ang topic sentence o panimulang pangungusap na nagsasaad ng main idea. Ang mga sumunod na karagdagang pangungusap o mga supporting details ay nagbibigay ng mas maraming impormasyon ukol sa paksa. Dapat tandaan na lahat ng mga pangungusap ay dapat magkakaugnay.<br><br>Magbigay ng isang independent writing task.<br><br>Gumamit ng sentence starters or frames para sa gawaing ito.<br><br>Pamagat: Ako ay Mamamayang Pilipino<br><br>Ako ay isang _________ _________________________.<br>Ang aking mga magulang ay sina ________________ at _________________________. | nais nilang talakayin, ang kaakibat nitong mga tungkulin at kanilang karanasan ukol dito.<br><br>Gumamit ng sentence starters or frames para sa gawaing ito.<br><br>Pamagat: Ang Aking Karapatan at Tungkulin<br><br>Bilang isang batang Pilipino ako ay may _____________ na may kasamang ______________.<br><br>Isa sa aking mga karapatan ay _________________________.<br><br>Ibig sabihin ako ay _________________________.<br><br>Sa aming tahanan/ bahay<br><br>ako ay __________________.<br><br>Ako rin ay ______________.<br><br>Nagagawa ko ang mga ito<br><br>dahil ___________________. | kuwento gamit ang story map.<br><br>Pangkat 2: Sequencing<br><br>Ipaguhit sa mga mag-aaral ang limang 5 mahahalagang pangyayari sa kuwento at isalaysay ang mga ito pagkatapos.<br><br>Pangkat 3: Character Description<br><br>Pumili ng isa pang tauhan mula sa kuwento (halimbawa: mga supling nina Malakas at Maganda). Gamit ang character profile na ipinakita sa klase, hayaan ang mga mag-aaral na ilarawan ang kanilang napiling tauhan. | Gamit ang isang brainstorming web, ipasulat ang kanilang mga ideya. Sa gitna nito ay ipasulat ang kanilang karanasan o mga gawaing pagkatuto sa paaralan na nais nilang maging paksa sa klase. Maari rin itong maging tungkol sa naging lakbay aral nila (kung mayroon).<br><br><br><br><br>Mga gabay na tanong:<br><br>1. Ano ang inyong napiling karanasan? |

VERSION 1 FOR REFERENCE

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Sila ay __________________<br><br>Pilipino tulad ko. Nakatira kami sa _________________.<br><br>Ako ay ________________ na ako ay isang mamamayang Pilipino dahil ____________________ | | | 2. Anu-ano ang mga inyong ginawa/ nakita?<br>3. Sinu- sino ang mga kasama ninyo sa karanasang ito?<br>4. Bakit mahalaga ang karanasan na ito?<br>5. Anu-ano ang inyong mga natutunan?<br><br>Hikayatin ang mga mag-aaral na gumamit ng mga tambalang pangungusap at ng mga angkop na pangatnig. |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | 3-2-1 Strategy<br><br>Magbigay ng 3 katangian ng mga sinaunang Pilipino.<br><br>Magbigay ng 2 uri ng mamamayang Pilipino. | Punan ang mga sumusunod na pangungusap ng angkop na salita.<br><br>Ang tambalang pangungusap ay binubuo ng _____________________. | Talakayin ang mga sumusunod na tanong:<br><br>1. Bakit mahalaga na magbasa at maunawaan ang mga kuwentong bayan?<br>2. Ano ang iyong nararamdaman | Sabihin sa mga bata na ang mga salitang “at”, “ngunit” at “o” ay mga pangatnig. Ginagamit ang mga ito sa pag-uugnay ng mga ideya sa mga tambalang pangungusap.<br><br>Sabihin na ang isang talata ay pangkat ng mga |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Magbigay ng 1 katangian ng isang kuwentong bayan.<br>1. | Sa isang kuwento, ang suliranin ay tumutukoy sa ___________ samantalang ang solusyon ay ______________________. | bilang Pilipino at pagkakaroon natin ng ating sariling mga kuwentong bayan? | salitang may isang paksang pinag-uusapan. |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Magbigay ng isang maikling pagsasanay o drill ukol sa mga salita o konseptong tinalakay sa klase.<br>Halimbawa:<br>Punan ang mga sumusunod na pangngusap ng mga angkop na salita.<br>1. Ang mga ___________ ay pinuno ng mga sinaunang Pilipino.<br>2. Ang ___________ ay isang uri ng tekstong naratibo na ukol sa mga tradisyon, kasaysayan, at kaugalian ng mga mamayan ng isang lugar. | Pangkatang Gawain: Shared Writing<br>Gamit ang mga ideya o kaisipan sa tsart ng mga karapatan at tungkulin, gumawa ng tig- tatlong tambalang pangungusap na may pangatnig na at, ngunit at o.<br>Ipasulat sa mga mag-aaral ang kanilang mga sagot matapos ibahagi ito sa klase. Magbigay ng feedback sa mga pangungusap na kanilang isinulat.<br>1. | Magbigay ng maikling pagsasanay o drill ukol sa mga konseptong tinalakay sa klase.<br>Halimbawa:<br>Tama o Mali<br>Isulat ang salitang **tama** kung ang pangungusap ay nagpapahayag ng tamang kaisipan at **mali** kung hindi.<br>_______ 1. Ang kuwentong bayan ay nakasulat na kuwentong ipinapasa-pasa.<br>_______ 2. Ang kuwentong bayan na si Malakas at Maganda ay ukol sa unang mga tao na nabuo.<br>________ 3. Ang kalikasan ay may mahalagang impluwensiya sa | Magbigay ng isang worksheet ukol sa mga gawaing pampaaralan ng mga mag-aaral.<br>Magpasulat ng tambalang pangungusap ukol sa mga larawan.<br>Halimbawa:<br>Magsulat ng isang tambalang pangngusap uko sa mga larawan. Bilugan ang mga sugnay na nakapag-iisa sa bawat pangungusap.<br><br>__________________ |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | paniniwala ng mga sinaunang Pilipino. | |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | Optional na gawain:<br><br>Ipanood ang video na ito upang mas magkaroon ng malalim na pang-unawa at appreciation ang mga mag-aaral ukol sa mga paniniwala ng mga sinaunang Pilipino:<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=_BHOoTdGgSE<br><br>Maari ring magbigay ng maikling pagsusulit na may pagpipilian ukol sa mga detalye ng kuwento. Ito ay upang mataya kung natatandaan nila ang mga impormasyon ukol dito. | Maaring magbigay ng mas maraming drills o pagsasanay sa wastong gamit ng mga pangatnig na tinalakay sa klase (sentence completion and writing). | Maaring gumawa ng Sketch to Stretch Strategy or Visualization Task upang mas maunawaan ng mga mag-aaral ang mga detalye sa kuwento. | Optional na gawain:<br><br>Muling magtalaga ng isa pang independent writing task ukol sa isang karanasang pagkatuto sa klase. Magbigay ng kopya ng brainstorming web bilang gawain bago magsulat ng talata. |
| *Mga Tala* | 1. Gumawa ng isang writing rubric kasama ang mga mag-aaral para sa pagsulat ng talata. Gamitin ito matapos sila magsulat at magbigay rin ng feedback sa kanilang mga outputs.<br><br>2. Tiyaking ipaliwanag sa mga bata na ang pagsusulat ay isang proseso (pre-writing, writing, at editing). | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |

Inihanda ni: ____________________

Nirebyu ni: ____________________

Pinagtibay ni: ____________________

VERSION 1 FOR REFERENCE

Guro Master Teacher / Head Teacher School Head

VERSION 1 FOR REFERENCE